# Impormasyong Legal:

## Gabay para sa Mga Baguhan

Legal Rights FOR NEWCOMERS

PUBLIC LEGAL INFORMATION Association of NL

# Mga Mapagkukunan ng Komunidad

**The Journey Project**
Umiiral ang The Journey Project para palakasin ang suportang pangkatarungan para sa mga survivor ng karahasang seksuwal at karahasan sa kinakasama sa NL. Puwedeng suportahan ng The Journey Project ang mga survivor kahit ano man ang kasarian at anuman ang edad na inaalam ang kanilang mga legal na opsyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyong legal sa simpleng wika, suportang angkop sa isang indibidwal, at pag-navigate sa system.

Telepono: 1-833-722-2805
Email: support@journeyprojectnl.com

**journeyproject.ca**

**Mga Serbisyo para sa Katarungang Pampamilya**
Nagbibigay ng tulong sa mga pamilya kaugnay sa pag-aalaga ng anak (pagpapasya at panahon sa pag-aalaga ng anak), pagbisita sa iyong anak, at sustento sa bata sa labas ng hukuman. Ito ay libreng serbisyo na nag-aalok ng batas pampamilya at para mamagitan.

Avalon Region: 709-729-1183
Central Region: 709-256-1205
Western Region: 709-634-4174
Labrador Region: 709-896-7941

**court.nl.ca/supreme/family-division/family-justice-services**

**Immigration, Refugees and Citizenship Canada (IRCC)**
Nagbibigay ng impormasyon sa mga baguhan sa Canada tungkol sa katayuan sa imigrasyon at mga opsyon sa imigrasyon. Ang IRCC ang sumusuri at nagpapasya sa lahat ng aplikasyon sa imigrasyon sa Canada.

Telepono: 1-888-242-2100

**canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship.html**

**Lupon ng Mga Residensyal na Pangungupahan**
Nagbibigay ng tulong at impormasyon sa mga landlord at nangungupahan na maaaring may mga tanong o alalahanin tungkol sa pangungupahan ng apartment o bahay. Nagbibigay din sila ng mga serbisyong mamagitan para sa mga hindi pagkakasundo ng mga kasero at nangungupahan.

| | |
|---|---|
| Telepono: | 709-729-2608 |
| Walang bayad sa NL | 1-877-829-2608 |
| Email: | landlordtenant@gov.nl.ca |

**gov.nl.ca/dgsnl/landlord**

**Dibisyon ng mga Pamantayan sa Paggawa (Labour Standards Division)**
Nagbibigay ng impormasyon at suporta tungkol sa iyong mga karapatan at responsibilidad sa trabaho. Namamagitan din sila at nag-iimbestiga sa mga hindi pagkakasundo ng mga employer at empleyado.

| | |
|---|---|
| Telepono: | 709-729-2742 |
| Walang Bayad: | 1-877-563-1063 |
| Email: | LabourStandards@gov.nl.ca |

**gov.nl.ca/ecc/labour/nonunion**

**Komisyon sa Mga Karapatang Pantao ng Newfoundland at Labrador**
Nagbibigay ng suporta, namamagitan, at nagsisiyasat sa mga sitwasyong may diskriminasyon at panliligalig.

| | |
|---|---|
| Telepono: | 709-729-2709 |
| Walang Bayad: | 1-800-563-5808 |
| Email: | humanrights@gov.nl.ca |

**thinkhumanrights.ca**

**Tipline ng Service Canada para sa mga Pansamantalang Dayuhang Manggagawa**

Kung nakakaranas ka o nanganganib na maabuso sa lugar ng trabaho, o hindi sumusunod sa mga patakaran ng Programa para sa mga Pansamantalang Dayuhang Manggagawa ang iyong employer, protektado ng batas ang iyong mga karapatan at mayroon kang mga opsyon. Puwede mong iulat ang iyong employer sa Service Canada at manatiling anonymous kung gusto mo.

Tip line: 1-866-602-9448

**canada.ca/en/employment-social-development/services/foreign-workers/protected-rights.html**

**Tulong Legal**

Nagbibigay ng suportang legal at representasyon sa mga indibidwal na mababa ang kita na may matinding isyung legal na hindi kayang magbayad ng pribadong abogado. Nag-aalok ang Tulong Legal ng suportang legal sa mga aspetong batas pampamilya, pangkriminal, at pang-imigrasyon.

St. John's: 709-753-7863
Corner Brook: 709-639-9226
Labrador: 709-896-5323

**legalaid.nl.ca**

# Makipag-ugnayan sa Amin

Pakitandaan na hindi kami tumatanggap ng mga walk-in na kliyente sa ngayon. Kung gusto mong makipagkita nang personal sa isang tao, makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng telepono o email at mag-iiskedyul kami ng appointment para sa iyo.

**Linya ng Telepono para sa Impormasyong Legal**
Lunes - Biyernes
Tutugunan ang lahat ng mensahe sa loob ng isang araw ng negosyo.

**Serbisyo para sa Pag-uugnay sa Abogado**
Lunes - Biyernes
Isang 30 minutong pagkonsulta sa abogado na may bayad na $40
(kasama ang mga buwis).

Mayroong mga abogado sa anumang larangan ng batas.

**St. John's Office**
Suite 301, 140 Water Street (TD Building)
St. John's, NL, Canada A1C 6H6

*Maaaring ma-access na pasukan sa Water Street

| | |
|---|---|
| Telepono: | 709-722-2643 |
| Walang Bayad: | 1-888-660-7788 |
| Email: | newcomers@publiclegalinfo.com |

**Labrador Office**
45 Grenfell Street
Happy Valley-Goose Bay, NL
Canada A0P 1E0

| | |
|---|---|
| Telepono: | 709-895-5235 |
| Email: | labrador@publiclegalinfo.com |

# Ang Iyong Mga Karapatan at Responsibilidad sa Pangungupahan ng Bahay o Apartment

Dapat sumunod ka at ang iyong landlord sa mga tuntunin ng Batas sa Residensyal na Pangungupahan na may kasamang mga legal na karapatan at responsibilidad ng mga landlord at nangungupahan. Kinakailangang magbigay sa iyo ang iyong landlord ng kopya ng Batas kapag nagkaroon kayo ng kasunduan sa pangungupahan. Available rin ito online.

**Nangungupahan**

- Magbayad ng upa sa tamang oras.
- Panatilihing malinis ang property at ayusin ang anumang nasira mo o ng iyong mga bisita.
- Hindi mo puwedeng pahintulutan ang ibang tao na lumipat sa bahay o apartment nang walang pagsang-ayon mula sa landlord.
- Huwag palitan ang mga kandado o idiskonekta ang init o tubig.
- Sulatan ang iyong landlord kung aalis ka na sa inuupahan mo.
- Bigyan ang landlord ng naaangkop na panahon ng abiso kung lilipat ka na - depende ito sa mga tuntunin ng iyong kasunduan sa pangungupahan (hal. kasunduang buwanan o takdang termino).

**Landlord**

- Ang responsable sa pagtitiyak na ang bahay o apartment ay matitirhan, ligtas, at matibay at responsable rin sa pagkumpleto ng anumang kinakailangang pag-aayos sa loob ng makatuwirang tagal ng panahon.
- Hindi makakapasok sa iyong apartment o bahay nang walang abiso maliban na lang kung emergency ito (hal. sunog o pagbaha).
- Dapat kang bigyan ng 24 na oras na abiso (sa sulat) para pumasok sa iyong apartment.
- Dapat kang bigyan ng hindi bababa sa 6 na buwan na nakasulat na abiso bago dagdagan ang upa.
- Hindi puwedeng taasan kaagad ang upa sa unang 12 buwan kasunod ng kasunduan sa pangungupahan o mahigit isang beses sa loob ng 12 buwan.
- Hindi maaaring idiskonekta ang init, tubig, o kuryente o tanggihan/limitahan ang pag-access sa mga common area (hal. mga pasilidad sa kusina o paglalaba).
- Dapat ibalik ang iyong panseguridad na deposito sa loob ng 10 araw pagkatapos ng iyong kasunduan sa pangungupahan maliban na lang kung naghain sila ng Pagresolba ng Alitan sa Tanggapan ng Residensyal na Pangungupahan para makuha ang panseguridad na deposito.
- Puwedeng tapusin ang iyong kasunduan sa pangungupahan kung hindi mo susundin ang mga tuntunin ng iyong kasunduan sa pangungupahan o ang mga tuntunin ng Batas sa Residensyal na Pangungupahan. Nakasulat pa rin dapat ang abiso nila sa iyo. Nakadepende ang panahon ng abiso sa dahilan ng pagtatapos ng kasunduan.
- Hindi puwedeng hilingin sa iyo na magbayad ng bayarin kung gusto mong tingnan o interesado kang upahan ang apartment o bahay. Ang panseguridad na deposito at upa lang ang mga bayaring puwedeng hilingin sa iyo ng kasero pagkatapos mong sumang-ayon sa mga tuntunin ng kasunduan sa pangungupahan.

Mayroon kang karapatang magkaroon ng taong sumusuporta at interpreter na susuri sa kasunduan sa pangungupahan. Karapatan mo ring makasama sila kapag nilagdaan mo ang kasunduan sa pangungupahan.

# Ang Iyong Mga Karapatan sa Trabaho

Ang iyong employer sa Canada ay dapat sumunod sa mga tuntunin ng Batas sa Pamantayan sa Paggawa na may kasamang mga legal na karapatan ng empleyado sa trabaho. Puwede mong hilingin sa iyong employer na magpakita sa iyo ng kopya ng Batas sa Mga Pamantayan sa Paggawa anumang oras. Available rin ito online.

- Ang minimum na sahod ay $15.00 kada oras simula Disyembre 2023, ngunit maaari itong tumaas.
- Ang karaniwang linggo ng trabaho ay binubuo ng 40 oras kada linggo.
- May karapatan kang makuha ang anumang tip (tinatawag ding 'mga pabuya') na kikitain mo sa iyong trabaho. Maaari kang kumita ng mga tip sa mga trabaho tulad ng serbisyo sa restaurant o housekeeping.
- Dapat magbigay sa iyo ang iyong employer ng nakasulat na mga tuntunin at kondisyon sa iyong pagtatrabaho. Kasama rito ang iyong titulo sa trabaho, mga responsibilidad sa trabaho, oras ng trabaho, at halaga ng suweldo.
- Dapat kang bayaran ng iyong employer sa tamang oras sa isang regular na iskedyul at bigyan ka ng dokumento (papel o digital) na nagpapakita ng halagang ibinayad sa iyo at anumang kaltas mula sa iyong suweldo (hal. mga buwis).
- Maaari kang magpahinga ng 1 oras para sa bawat 5 oras na trabaho.
- Mayroon kang karapatang magkaroon ng bayad na pahinga sa trabaho para sa mga bagay na gaya ng bakasyon, pagkakasakit, responsibilidad sa pamilya, pagkakasakit o pagkamatay ng kapamilya, pag-aalaga ng bagong sanggol, at karahasan sa pamilya.
- Dapat kang bigyan ng iyong employer ng wastong panahon ng abiso at tamang suweldo, ayon sa Batas sa Mga Pamantayan sa Paggawa, kung ititigil na nila ang pagtatrabaho mo.
- Mayroon kang karapatan sa isang lugar ng trabaho na walang diskriminasyon at panliligalig. Kung nakakaranas ka ng anumang uri ng pang-aabuso sa lugar ng trabaho, mayroon kang karapatang iulat ito at mapoprotektahan ka ng batas.

Kasama rito ang pisikal, sikolohikal, pinansiyal, at seksuwal na pang-aabuso.

- Hindi puwedeng kunin o limitahan ng iyong employer ang iyong access sa iyong pasaporte, mga dokumento ng pagkakakilanlan, o anumang dokumento sa imigrasyon (hal. permit sa trabaho o pag-aaral).
- Walang kontrol, kapangyarihan, o impluwensya ang employer mo sa iyong katayuan sa imigrasyon sa Canada sa anumang sitwasyon. Hindi nila puwedeng kanselahin ang iyong permit sa trabaho o ipa-deport ka. Kung sinusunod mo ang mga tuntunin at kondisyon ng iyong permit sa trabaho, legal kang pinapahintulutan na manatili sa Canada at pinoprotekahan ka ng batas hanggang mag-expire ang iyong permit.
- **Labag sa batas para sa isang employer ang magbanta o manakot sa iyo sa anumang paraan.**
- Hindi puwedeng hilingin sa iyo ng iyong employer na bayaran mo sila sa mga bayaring binayaran nila para kunin ka bilang dayuhang manggagawa (hal. advertising, pagkonsulta sa third-party, atbp.). Hindi rin nila puwedeng hilingin sa iyo na bayaran mo sila para sa transportasyon mo sa Canada (hal. mga gastos sa flight) maliban kung ikaw at ang employer ay nagkasundo sa pamamagitan ng sulat noong nilagdaan mo ang kontrata sa trabaho.
- Mayroon kang karapatang tumanggi sa hindi ligtas na trabaho.
- Mayroon kang karapatan sa pagsasanay sa trabaho, kabilang ang kung paano gumamit ng mga tool o makinarya nang ligtas.
- Kinakailangang bigyan ka ng iyong employer ng mga kagamitang pangkaligtasan at wastong damit (hal. pangkaligtasan goggles o damit na madaling makita) kung kailangan ito para magawa mo nang ligtas ang iyong trabaho.
- Mayroon kang karapatang maging ligtas kung ikaw ay nagtatrabaho nang mag-isa

**Kung isa kang pansamantalang dayuhang manggagawa at nakakaranas ka ng pang-aabuso o nanganganib na maabuso sa iyong lugar ng trabaho, puwede kang mag-apply para sa isang Permit sa Malayang Pagtatrabaho para sa mga Manggagawang Walang Kalaban-laban (Open Work Permit for Vulnerable Workers) sa pamamagitan ng IRCC. Makakatulong ito sa iyo na umalis sa hindi ligtas na lugar ng trabaho at patuloy na magtrabaho nang legal sa Canada.**

# Ang Iyong Mga Karapatan at Responsibilidad bilang Pamilya, Asawa, o Partner

Sa Canada, ang batas pampamilya ay nangangahulugan ng mga isyu at desisyong legal na may kaugnayan sa diborsiyo (pagtatapos ng pagsasama bilang mag-asawa), paghihiwalay (kapag naghiwalay ang magkarelasyon, kasal man sila o hindi), oras sa pag-aalaga ng anak at desisyon para sa mga bata, suportang pinansyal para sa mga bata at/o para sa asawa o partner, at proteksyon sa bata.

**Ilang pangunahing bagay na dapat tandaan:**

- Mayroon kang karapatang maglaan ng oras sa iyong anak at magpasya tungkol sa kanila kahit tapos na ang inyong pagsasama bilang mag-asawa o tapos na ang inyong relasyon. Gayunpaman, sa ilang sitwasyon, puwedeng limitahan o tanggihan ng hukom ang panahon sa pag-aalaga ng anak o puwedeng bigyan ng kapangyarihang magpasya ang isang magulang lang, kung makakabuti ito sa (mga) bata. Karaniwang susubukan ng hukom na tiyaking pantay-pantay ang oras ng parehong magulang sa kanilang mga anak at magkasamang magpasya tungkol sa mga buhay ng kanilang mga anak.
- Mayroon kang karapatang magkaroon ng pinagkasunduang romantiko at seksuwal na relasyon at magpakasal, anuman ang kinikilang kasarian, seksuwal na oryentasyon, lahi, relihiyon, o kultural na pinagmulan mo o ng iyong partner.
- Mayroon kang karapatang tapusin ang isang relasyon o kumuha ng diborsiyo sa anumang kadahilanan, kahit na ayaw ng iyong asawa o partner na tapusin ang relasyon.
- Mayroon kang karapatan sa iyong sariling pera, property, at mga pag-aari habang nasa isang relasyon o kasal pa, at pagkatapos ng isang relasyon o pagtatapos ng pagsasama bilang mag-asawa. Mayroon ka ring karapatan sa paghahati

ng property at mga pag-aari na nakuha mo at ng iyong asawa sa panahong nagsasama pa kayo bilang mag-asawa. Sa ilang sitwasyon, tutulong ang hukom sa pagpapasya kung paano hahatiin ang pera, property, at mga pag-aari kapag natapos na ang iyong pagsasama bilang mag-asawa.
- Mayroon kang karapatang maging ligtas sa karahasan at pang-aabuso kahit na ikaw ay kasal o nasa isang relasyon.
- Mayroon kang karapatang humingi ng tulong sa mga hukuman para sa paglutas ng mga isyu sa batas pampamilya.
- Maaaring alisin ng mga kinatawan ng gobyerno ang isang bata mula sa tahanan (ang Departamento ng Mga Bata, Matanda, at Pagpapaunlad ng Lipunan) kung sila ay inabuso o nanganganib na masaktan o mapabayaan.

Krimen sa Canada ang maraming uri ng karahasan. Kung ikaw ay inakusahan ng isang krimen at napatunayang nagkasala, maaari kang makatanggap ng parusa na puwedeng kabilang ang pagkakabilanggo. Puwede rin itong makaapekto sa iyong katayuan sa imigrasyon at sa iyong kakayahang manatili o bumalik sa Canada.

**Kasama sa Karahasan sa Pamilya ang:**

- Panununtok, panghahampas, pananampal, o paninipa sa iyong asawang babae, asawang lalaki, partner, o anak.
- Sikolohikal, emosyonal, pisikal, pinansyal, seksuwal, at pasalita na pang-aabuso.
- Pananakit sa mga alagang hayop o pagbabanta na saktan ang mga alagang hayop.
- Pagsira sa property na pag-aari ng iba.
- Pagpigil sa iyong asawa o partner na magtrabaho, magkaroon ng pera, magkaroon ng mga kaibigan, mag-enjoy sa kanyang kultura, umalis sa iyong tahanan, o isabuhay ang kanyang relihiyon.
- Hindi gustong ugnayang seksuwal. Ilegal ang pagsasagawa ng anumang ugnayang seksuwal sa isang tao kung labag ito sa loob niya, kahit na kasal o magkarelasyon kayo.

# Pangkalahatang Impormasyong Legal

Kapag nahaharap ka sa anumang isyung legal o nahihirapan ka, laging mainam na makipag-usap sa abogado at humingi ng payo tungkol sa iyong sitwasyon. Maaari kang kumuha ng pribadong abogado na puwedeng magbigay sa iyo ng payo o kumatawan sa iyo sa mga usaping legal/panghukuman, puwede kang makipag-ugnayan sa Tulong Legal, o puwede kang makipag-ugnayan sa Asosasyon ng Pampublikong Impormasyong Legal at makipag-usap sa abogado sa loob ng 30 minuto sa halagang $40.

Sa Canada, ang ilang partikular na akusasyong kriminal ay maaaring magkaroon ng matinding epekto sa iyong katayuan sa imigrasyon at sa iyong kakayahang manatili at bumalik sa Canada. Halimbawa, ang mga akusasyong kriminal na resulta ng pag-inom ng alak o paggamit ng droga habang nagmamaneho ng sasakyang de-motor na puwedeng humantong sa pagpapaalis sa iyo sa Canada nang hanggang 10 taon. Sa ilang sitwasyon, maaaring hindi ka na makabalik sa Canada.

Kung ikaw ay inaresto ng pulis, mayroon kang karapatang makipag-usap sa isang abogado bago mo sagutin ang anumang katanungan. Kinakailangang ipaalam sa iyo ng pulis ang karapatang ito kapag inaresto ka nila. Lagi kang may karapatang magkaroon ng abogado, taong sumusuporta, at/o interpreter sa anumang legal na appointment, panayam sa pulis, o pagpunta sa hukuman.

Mahalagang matutunan ang iyong mga karapatang legal at sundin at maunawaan ang batas habang nakatira ka sa Canada. Kung ikaw ay inaresto para sa anumang krimen o mayroong kang mga alalahanin tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon, makipag-usap sa isang abogado sa lalong madaling panahon. Lagi kang may karapatang makipag-usap sa abogado ng Tulong Legal sa lalong madaling panahon kung hindi mo kayang magbayad ng pribadong abogado. Mayroon kang karapatang kumuha ng numero ng telepono para sa Tulong Legal mula sa pulis kung ikaw ay inaresto.

## Makipag-ugnayan sa Amin


www.publiclegalinfo.com

1-888-660-7788

1-709-722-2643

info@publiclegalinfo.com

140 Water St., Suite 301

TD Place, St. John's NL A1C 1B9

### Labrador Office

labrador@publiclegalinfo.com

1-709-896-5235

45 Grenfell Street

Happy Valley-Goose Bay, NL A0P 1E0



Legal Rights FOR NEWCOMERS

PUBLIC LEGAL INFORMATION Association of NL